Republic of the Philippines
Department of Education
REGION II - CAGAYAN VALLEY
SCHOOLS DIVISION OF BATANES

4 Agosto 2025

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 221 s. 2025

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Sa mga: Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pansangay na mga Tagamasid
Pinunô ng mga Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2025 ay ipagdiriwang sa Agosto 1—31, 2025 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Bilang pagtugon sa proklamasyong nabanggit, at habang inaantabayanan ang mga ipalalabas na Memorandum Pangkagawaran, ang Schools Division Office – Batanes sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division (CID) ay magpapatupad ng mga gawaing kaugnay ng Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na may temang ***"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pakakaisa ng Bansa"*** mula sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2025 ang sumusunod:

a. Mapalalim ang pag-unawa sa kahalagahan ng wikang Filipino at mga katutubong wika bilang pundasyon ng ating pambansang pagkakakilanlan at kasaysayan.

b. Mahubog ang pagmamahal at pagpapahalaga ng mga mag-aaral at mamamayan sa sariling wika at kulturang Pilipino bilang susi sa pagkakaisa ng bansa.

c. Maipakita ang kahusayan at pagkamalikhain ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa iba't ibang larangan ng sining at panitikan.

d. Maisulong ang kamalayan sa papel ng wika bilang makasaysayang kasangkapan sa pagbuo ng pambansang identidad at pagkakaunawaan ng mga mamamayan.

e. Mahikayat ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, guro, at komunidad sa iba't ibang gawain na nagtatampok sa yaman ng wika at kulturang Pilipino.

4. Kaugnay nito, iminumungkahing magsagawa ang mga paaralan ng mga gawaing may kaugnayan sa layunin. Dagdag pa rito, magsagawa rin ng sumusunod bilang paghahanda sa **Festival of Talent – Read-A-Thon sa Filipino; LikhaWento ( Grade 3); TahiRawan (Grade 6); at BidyoKasiya (Grade 10).**

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No. 9, s. 2005 (Instituting Measures to Increase Engaged Time on-Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 (Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities) kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ALFREDO B. GUMARU JR. EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent

For the Schools Division Superintendent:

**DANTE J. MARCELO, PhD, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge

Reference: Pampanguluhang Proklamasyon
Blg. 1041

To be indicated in the Perpetual Index
Under the following subject:

Buwan ng Wikang Filipino

2025-08-051
DepEd SDO - Batanes
AUG 05 2025
RELEASED
BY: svg TIME: 2:12

CID/vbg/mha